



Philippine
Transport &
General Workers
Organization

WORKERS NEWS UPDATE

Volume 1, Issued 1

January— March 2011

OWWA Repatriation Program

Kaagapay ang PTGWO sa pagsagip ng ating mga kababayang manggagawa na naghahanapbuhay sa bansa Libya.

LAMAN NG MGA BALITA

- **Sama Aralan ng PTGWO at ng mga Lokal na Unyun** — Page 2
- **PTGWO sa Philippine Bus Lins Corporation** — Page 3
- **Editorial** — Page 4
- **CBA Re-negotiation ng Lokal na Unyun ng PTGWO** — Page 5
- **Botika ng Baranggay** — Page 5
- **Tribute to the OFW family** — Page 6
- **Cocal-Cola Negotiation** — Page 7
- **Tips sa Panahon ng Kalamidad** — Page 8

Sa unang busgso ng taong 2011, binalot ng matinding kaguluhan ang bansang Libya na kung saan ay mahigit sa 40 taon na pinamumunuan ng dikta-dor na si Muamar Ghadaffy matapos ang pagbagsak ng naunang gobyernong monarkiya. Dahil sa naka-ambang civil war, ang pamunuan ng ng Overseas Workers Welfare Administration (OWWA) sa pangunguna ng OWWA Administrator Carmelita Dimzon, Chief Carlos Cao, DFA Undersecretary Esteban Conejos Jr, DOF Undersecretary Luz M. Cantor, Management Sector Representative Rene Soriano, at Labor Sector Representative Victorino F. Balais (PTGWO National President) ay agad nagpatawag ng pagpupulong na kung saan ay isang paghahanda sakaling umabot sa Alert Level No. 4 o magsimula na ang kaguluhan. Sa nasabing pagpupulong, ang mga Board Resolution No. 03 hanggang 07 ay ipinasa na kung saan ay naglagak ng malaking pondo na gagamitin sa pagsagip sa mga kapatid nating nakabase sa Tripoli, Benghazi, Misurata and Brega.

Alinsunod ng mga programang inilunsad ay ang 24/7 Libreng Tawag at Public Assistance Desk Office na naglalayong matulungang makatawag sila sa kanilang kaanak sa mga bansang New Zealand, Libya, Bahrain at Yemen. Kaugnay nito ay ang Repatriation Assistance Program (RAP) na kung saan ay makakatanggap ng P10,000.00 financial assistance ang isang OFW na naapektuhan ng kaguluhan, liban pa dito ang kanilang pamasahang papauwi sa kanyang probinsya o tirahan dito sa Pilipinas.

Sa kabuuan, mahigit sa 80% na OFWs ang nagbalik-bansa at nabigyan ng iba't-ibang tulong kagayang kagayang Livelihood

(sundan sa pahina 2)

**“MAHALAGA NA NAPAG-UUSAPAN ANG MGA PROBLEMA UPANG LUBUSANG MAKAGAWA NG TAMANG AKSYON AT DESISYUN NA KUNG SAAN AY TUNAY NA PANALO ANG MANGGAGAWANG PILIPINO”...
*National President Vic F. Balais***

Edukasyon ang tunay na Pundasyon ng Unyunismo

Sa paniniwalang ang edukasyon ang pundasyon at kalakasan ng isang samahan, ang Philippine Transport and General Workers Organization (PTGWO) ay aktibong naglulunsad ng mga serye ng pag-aaral upang palakasin ang ideyolohiyang unyunismo at palawakin ang kaalaman ng bawat miyembro nito.

SAMAHAN NG MANGGAGAWA SA PHILIPPINE RECYCLERS INC. UNION: 22

miyembro ng SMPRIU-PTGWO ay dumalo sa isinagawang 1 day orientation patungkol sa Basic Paralegal Skills. Ang hanangarin ng sama-aralan ay hubugin ang kakayahan ng mga potensyal na lider sa paghawak ng grievance committee, kaugnay na ang pagkalap ng mga impormasyon na kaugnay sa pagresolba ng mga isyung may kinalaman sa implementasyong CBA



nagsagawa ng oryentasyon patungkol sa bagong sistema na pi-

natutupad ng SSS sa mga miyembro nito. Kaugnay sa mga tinalakay ay ang Employers & Individual Condonation Act, na kung saan ay nagbibigay amnesiya at kagaanan upang ang mga miyembro ng SSS ay makapagbayad ng kanilang mga utang katulad ng Salary Loan, Calamity Loan hanggang sa buwan ng Hunyo 2011. Partikular sa mga tinalakay ay ang plano ng pamunuan ng SSS na magkaroon ng additional premium percentage ng mga miyembro nito upang pataasin ng halos 10% ang benepisyonang natatanggap ng mga pensioners.

BAGUIO: Noong Enero 27-29, 2011 ay nagsagawa ng isang malawakang Leadership Training para sa mga miyembro na naghahapbuhay sa sector ng bangko ang pamunuan ng PTGWO upang mas paunlarin ang kanilang kakayahan upang maging epektibong mga lider sa kanya-kanyang samahan. Ito ay dinaluhan ng mga miyembro na galing sa Philippine National Bank – Abra Branch, Banco De Oro – Baguio, Dagupan, Tarlac, Pampanga, Bulacan, at Manila Branches, Luzon Development Bank – Muntinlupa at Laguna Branches, at Prudential Bank.

Kaugnay ng tagpong ito ay ang pakikipagtulungan ng mga kawani ng Department of Labor and Em-

ployment-Cordillera Autonomous Region sa pangunguna ng kanilang Regional Director na si Atty.

Sixto Rodriguez at ilang resource person.

OWWA - - - Mula sa Pahina 1

Development Program (OWWA-NLSF-LDPO) na tuwing lunes ang oryentasyon, at Skills for Employment Scholarship Program (SESP) na ibinibigay para sa mga anak ng OFWs.

PENTAGON STEEL CORPORATION:

Sa pagpapatibay ng samahan, ang Pentagon Steel Workers Union at ang pamunuan nito ay aktibong nagsasagawa ng serye ng oryentasyon tuwing 5:00 ng hapon hanggang 7:00 ng gabi upang palawakin ang kaalaman ng bawat miyembro patungkol sa unyunismo. Ang oryentasyon ay karaniwang dinadaluhan ng mahigit sa 200 miyembro nito.



PTGWO ang hinirang na Sole and Exclusive Bargaining Agent sa PRBLC

Matapos ang mahabang pakikibaka ng PTGWO sa pag-organisa ng mga manggagawa sa Philippine Rabbit Bus Lines Corporation (PRBLC) – noong nakaraang Marso 17, 2011, ang PTGWO ay hinirang na SOLE and Exclusive Bargaining Agent.

Taong 2004 ng simulan ang pag-oorganisa sa mga manggagawa sa PRBL, sunod-sunod na oryentasyon at seminar ang isinagawa ng kawani ng PTGWO upang makapaglunsad ng isang malawakang pakikipag-ugnayan sa bawat manggagawa. Iba't-ibang istratihiya ang kinakailangang pag-aralan at busisiin upang maging matagumpay ang bawat pagkilos. Sapagkat ang mga manggagawa ay naka-ugnay sa iba't-ibang terminal ng korporasyon, nandyan ang Avenida Terminal, Angeles Terminal, Tarlac Terminal, Alaminos Terminal, Baguio Terminal, at Bangued Terminal. Dagdag pa rito ang dati nilang unyon.

Sa katatagan at pagpupunyagi ang halos 5 taon, ang Department of (DOLE-CAR) ay nagpalabas ng de-karaang Disyembre 2010, na nagla-Sertipikadog Eleksyon na kung saan kasangkot ay magtutunggalian. Ang isa panahon ng eleksyon ay siyang kiki-representante ng lahat ng manggagawa magiging ahente tungo sa isang samatawaran (CBA).

Matapos ang botohan, naging sa Tarlac Terminal na kung saan halos banan, hindi katulad sa ibang terminal Angeles, Alaminos, Baguio, at Ban-nakapagtala ang PTGWO ng land-



ng PTGWO, matapos Labor and Employment sisyon noong nalayong magkaroon ng ang lahat ng unyon na dedeclarang mananalo lalaning na nag-iisang sa korporasyon at samang pakikipag-

mabigat ang tungalian dikitan ang naging lakagaya ng Avenida, gued na kung saan ay slide.

Sa kabuuan ng mga botante na 321, ang PTGWO ay nakapagtala ng 222 na boto laban sa katunggali na PRBEU na nakakuha lamang ng 74 na boto. Isang patunay ito ng ating pagsusumikap na mabigyan ng representasyon at itaguyod ang mga karapatan ng mga manggagawa sa PRBL.

PANALANGIN: Amang nasalangit, kami ay inyung basbasan at gabayan upang ang aming mga layunin ay patuloy na maisakatuparan. Hangad namin ang kapanatagan ng bawat isang manggagawa na aming nasasakupan. Nawa'y inyung pahintulutan na mas palawakin pa namin ang aming serbisyo sa iba pang manggawang Pilipno na hindi miyembro ng aming organisasyon na patuloy na humaharap sa mapangabusong kapitalista.— **Amen**

EDITORIAL — People Power o Political Power

Sa nakalipas na 25 taon mula nang nagsimulang makamtan ang kalayaan mula sa rehimeng diktaturya, Ang EDSA People Power ay naging modelo ng ilang bansa partikular na sa gitnang silangan upang lumaya at magkaroon ng tunay na pagbabago. Dahil sa kaguluhan, ang ating gobyerno ay gumawa ng paraan upang isalba ang buhay ng ating mga makabagong henerasyong bayani na kung saan ang pamunuan ng OWWA ay nagpalabas ng sirkulo at pondo sa muling pagbabalik bansa ng ating mga kapatid na OFWs. Masakit man isipin, ito ang tunay na reyalidad at buhay ng ating mga kapatid na manggagawa sa ibang bansa. Sila ay nagpapakasakit na malayo sa kanya-kanyang pamilya mabigyan lamang ng magandang buhay ang kanilang mga kaanak. Nandyan ang sakripisyo at pagtititiis makamtan lamang ang tagumpay ng buhay. Sa kabilang banda naman ay iyong mga hindi pinapalad na magtagumpay at sa kadalasan ay nasasadlak sa pagkabilanggo dahil kumakapit sa patalim maging kapalit man nito ay ang kanilang buhay.

Mula sa pagkakalaya, nasaan na nga ba si Juan Dela Cruz? Nagkaroon nga ba ng tunay na pagbabago?

Sa kasalukuyan, kaliwa't-kanan ang pagtaas ng bilihin gaya ng gasolina, elektrisidad, tubig at mga pangunahing bilihin ng bawat Pilipino, subalit ang pagtaas ng sweldo ay tila ba parang pagong sa pagusad. Dagdag pa ang kawalan ng seguridad sa trabaho dahil sa contractual at casual system na pina-iiral ng mga kapitalista. Pagod na sa pagtititiis at butas pa ang bulsa ng bawat manggagawang Pilipino. Kaugnay nito ay ang patuloy na pagsagad ng 12% VAT sa mga pangunahing bilihin na sa katotohanan ay bumubutas sa bulsa ng mamayang Pilipino. Hindi natin masisisi ang ilan nating mga kapatid na manggagawa na maghangad mangibang bansa, sapagkat iyon lamang ang natatangi nilang solusyon para guminhawa.

Ang kontroberyal sa ating gobyerno ay tila ba parang soap opera, na kung saan ay kaabang-abang ang bawat tagpo. Subalit sa katotohanan at gaano man natin ito tignan ng malaliman, ang kawawang si Juan pa rin ang tunay na apektado. Si Juan na pudpod na ang sapatos sa kakahanap ng trabaho subalit wala pa rin makuhanang disenteng trabaho.

Ang unemployment rate natin sa taong ito ay umaabot na sa mahigit 3.5 million, at madaradagan pa iyan ngayong Marso hanggang Abril sapagkat mayroong mahigit na 400,000-500,000 estudyante sa High School at Kolehiyo ang inaasahang magtatapos. Sa madaling salita, patuloy na lomolobo ang mga walang trabaho. Taliwas sa mga ulat na ang ating bansa ay umaangat ang ekonomiya.

Sa Saudi ay may tinatayang mahigit sa 1.5 million na manggagawa, samantala sa Baharain at Oman ay mayroong mahigit sa 50,000-60,000 OFWs ang naroon. Ngayong nagbabadya ang kaguluhan sa mga nasabing bansa, papaano kaya masusuportahan ng ating gobyerno kung sakaling lumala na ang tensyon at kinakailangan ng pabalikin ang mga kapatid nating manggagawa dito sa ating bansa.

Lugmok na ang kalagayan ng ating mga kapatid na manggagawa, kung mayroon lamang na totoong Political Will sa ating mga namumuno, marahil ay kaya din natin umangat katulad ng mga bansang Singapore, Thailand, at iba pa na kung tutuusin ay mas-angat pa tayo noon sa mga bansa na ito. Idagdag pa dito ang talamak na smuggling na ayon sa isang impormante ay 7% ang ibinabayad ng mga damuhong smugglers sa Cebu para lamang makalusot sa mga pier ang kanilang mga kargamento.

Ang daluyong ng pagkakaisa noong panahon ng 1986 EDSA PEOPLE POWER ay nanatiling tagumpay ng demokrasya, subalit kailan man ay hindi naging tagumpay ng ekonomiya ng ating bansa.

CBA Re-Contracts sa ilalim ng PTGWO

Ang sigla ng pag-uunyon ay nakabase sa lakas at pagkakaisa ng mga manggagawa tungo sa isang malinaw at mapayapa na sama-samang pakikipagtawaran (CBAs). Ang pakikipag-negosasyon ay isang masalimuot at mahirap na bahagi ng sama-samang pakikipagtawaran, subalit ang ratipikasyon nito ay sigasig ng tagumpay ng lahat ng mga manggagawa sa loob ng isang unit.

Sa nakalipas 3 buwan ang PTGWO ay naging bahagi ng tagumpay ng mga Local na Unyon na kung saan ay dumaan sa proseso ng pakikipag-negosasyon tungo sa isang kapakipakinabang na CBAs.

Ilan sa mga lokal ng PTGWO na nag-renew ng kanya-kanyang kontrata ay ang mga sumusunod:

1. Pozzolonc Workers Union sa ilalim ng pamumuno ni Mr. Rafael Gonzales
2. Megatransport Cement Dealers Workers Union sa ilalim ng kanilang pangulo na si Mr. Ernesto Labitag
3. Polymaster Industrial Workers Union sa pangunguna ni Mr. Rodolfo Equila
4. Pentagon Steel Workers Union sa ilalim ng pamunuan ni Mr. Antonio Coso
5. San Miguel Food inc. Employees Union sa pangunguna ni Mr. Edwin Cruz
6. Magnolia poultry Employees Union sa pagpupunyagi ng kanilang pangulo na si Mr. Aurelio Gatdula
7. Philippine Bobbin Workers Union sa ilalim ni Ms. Lilian Bedia
8. Lorenzo Shipping Workers Union sa ilalim ng pamunuan ni Mr. Wilfredo Legaspi
9. Progressive Maritime Workers Union sa ilalim ng pamumuno ni Mr. Adolfo Datago III



Botika ng Baranggay

Sa pakikipagtulungan ng NGO na Kaunlaran ng Manggagawang Pilipino Incorporated (KMPI) at ng Philippine Transport and General Workers Organization (PTGWO) ay nagsulong ng sama-aralan noong March 22, 2011 sa PTGWO Conference Room na dinaluhan ng mga opisyaes sa Indo Phil Textile Workers Union, Manila Jockey Club Race Day Operation Employees Union, Michelle Lorraine Fashion Labor Union, at Banco De Oro Employees Union. Ang inisyatiba na ito ay patungkol sa pagtatayo ng isang Botika ng Baranggay (BnB) na tutulungan ng KMPI sa

pamamang pagutang ng hindi 25,000 ing ito sa 2 taon. gramang nasa ng De- of



agitan papa-halagang tataas sa at maabayaran loob ng Ang pro- ito ay patnugot partment Health

(DOH) sa ilalim ng Administrative Order 144, series 2004 na gagabay sa pagpapahiram ng mga produktong pang-botika sa murang halaga.

Kaugnay ng oryentasyon, noong Marso 29, 2011 ang mga lokal na unyon tulad ng Indo Phil Textile Workers Union at Banco De Oro Employees Union ay nagpahayag ng kagustuhan sa pagtatayo ng Botika sa kaniya-kayang lugar. Sila ay dumalo para sa Operator Seminar na kung saan ay pag-aaral kung papaano ang tamang pagpapatakbo ng negosyo.

A Tribute to the Family of OFWs

In celebration of the month of Overseas Filipino Workers and the International Migrants Day of 2011, the Migrant NGO Forum and the Philippine Association of Migrant Workers and Advocates (PAMWA—PTGWO) composed of ten accredited NGOs PDOS providers by the Overseas Workers Welfare Administration (OWWA) had a film showing of Ina... Anak...at Pamilya (A Tribute to OFWs and their Families) at the OWWA Center in Pasay City last January 2011.


The film was chosen to raise the consciousness among migrants and other sectors of society the agenda of children and families of migrants. Among others, the film aims to:

1. Provide an avenue in rediscovering the essential concepts of family togetherness despite the distance brought about by migration;
2. Promote the concept of savings and wise spending, the importance of hard-work and value of education;
3. Provide information on migration realities and concerns; and at the same time, and,
4. Preserve the positive values of the Filipino family.

Two hundred spouses and children of OFWs were selected to view the film and participate in the workshop-discussion

Ano ba ang Tsunami?

Ang tsunami ay mga sunod-sunod na alon na nabuo kapag ang isang bahagi ng tubig, tulad ng karagatan, ay nabago ng han. Ang mga malaking pagtubig, sa ibaman o sa ila-pagputok ng at iba pang uri sabog sa ila-dagat, pagguho ng lupa, malaking pagtama ng kometa at pagsusubok ng mga kagamitang nukleyar sa karagatan ay maaaring makabuo ng tsunami. Ang epekto ng tsunami ay mapapansin at napakalala.



Ano ba lindol?

Ang lindol ay isang pangyayari na nagreresulta mula sa at nilagyan ng lakas ng dinamikong paglabas ng inimbak na enerhiya na mga seismikong alon (*seismic wave*) na nagmumula sa pag bigay ng enerhiya ng dalawang fault sa epicenter. Sa ibabaw ng Daigdig, maaaring magpakita ito ng mga pag-alon ng lupa, na kadalasang nagkakaroon ng pagkawasak at magdulot ng pagkawala ng buhay at pagwasak ng ari-arian.

Trivia ka Dabra!

Alam mo ba na noong Disyembre 26, 2004 ay naitala ang pinakamalaking Tsunami na naganap sa Indian Ocean na mayroong sukat na 9.0 at nagreresulta ng mahigit sa 100 talampakang alon.

SUDOKU PUZZLE By: Arnold Fermin

	9				1	7	2	
3				4				
1		2	8				6	
		4	7		6		3	
6	8					9		5
	1		9		4			
	2				5		1	
			6	2	8		7	
	3	6	1				5	

CBA Negotiation ng



Kasalukuyang nagne-negosasyon ng bagong CBA ang sales force union ng Coca-Cola sa Central and East GMA sales territory nito, sa pamumuno ng Pangulo nito na si Alden Mannalusan.

Iniharap ng Unyon ang traditional CBA proposal, kung saan ay humihingi ito ng wage and benefits increases, gayundin ng improve working conditions.

Wala pang counter-proposal ang Coca-Cola sa economic proposals ng Unyon. Gayunpaman, halos inaasahan ng Unyon ang kakai-bang sistema ng pagkakamit ng dagdag na kita at benepisyong na io-offer ng Coca-Cola, batay sa global changes na ini-implement ng Coca-Cola.

Ang sistemang iyon ay inaakala ng Unyon na "performance system". Ang ibig sabihin, kung hindi ka nakapag-trabaho, batay sa sistema at kotang itinakda ng Coca-Cola, wala kang matatanggap na dagdag na pera sa iyong dating rates of pay at benefits. Ang masakit, ang mga dagdag na makukuha mo ay hindi magiging bahagi ng iyong kita as permanent rates of pay. Para lamang itong incentives, base sa iyong performance.

Inaasahang maigting ang magiging takbo ng CBA negotiation na ito at walang inaasahan ang kasapian ng unyon, kundi ang kanilang mga opisyaes, batay sa nakaraang karanasan sa CBA deadlock case ng unyon, kung saan, hininalang kinuwarta ng mga nakialam ditong opisyaes ng Department of Labor and Employment.

Paghahanda ng MY SAN para sa CBA Negotiation

Tunay na mapayapa at panatag ang mga kapatid nating nasa MY SAN Corporation para sa paghahanda sa darating na CBA negotia-tion.

DAGDAG NA SAHOD ANG SIGAW NG MANGGAGAWANG PILIPINO

Ano ang ginagawa ng Regional Wage Board? Tumaas na lahat ang halaga ng bilingin at serbisyo. Naghihintay pa rin daw sila ng prescriptive period na isang taon, na hindi nila naunawaan. Anong 1-year prescriptive period ang sinasabi ninyo. The supervening event for you to act, ay nakadagan na sa lahat ng maralitang Pilipino. Maawa kayo at mahiya sa sarili ninyo. Kina-career ninyo ang in-yong posisyon sa Wage Board.

One of your mandate is to – **determine and fix minimum wage rates applicable in your region of jurisdiction and to issue the corresponding wage orders**, whether there is or no petition filed.

May naka-file na ngang petition, hindi pa kayo kumikilos. Wala pa rin kayong ini-iisyung wage order. Ano ginawa ninyo? You just "book" it. Nirekord lang ninyo. Makakabili ba 'yan ng pagkain.

Aksyon ninyo ang kailangan. Kung hindi kayo makapag-sip ng tama, manggaya na lang kayo, para sagipin ang bayan.

Sa Taiwan, Malasia, Japan, Korea, Brunei, New Zealand at Aus-tralia matataas ang suweldo at benepisyong, asensado. Hindi umaalis ang investors. Dinadayo pa ng mga pino. Gayahin ninyo. Itaas din ninyo weldo sa Pilipinas.

Kaya dinadayo ng investors at manggagawa ang mga bansang iyon dahil malaki ang suweldo. Nakakabili maraming tao ng mga nagawang produkto. Napipilitan ang investors na dagan pa ang kanilang produkto, da-maraming bumibili, lalong lumaki ang kita at tubo nila, kailangan nila maraming manggagawa para gumawa ng maraming ipagbibili.

Dito sa Pilipinas, sino ang maraming pera? Yung mayayaman na wala ng kailangang bilhin, dahil nasa kanila na lahat. Yung mangga-gawa, hindi makabili. Productivity ng productivity, hindi naman mabili. Lugi negosyo.



Pili-s u - a y a ng dag-h i l

Unang hakbang ng lokal na pa-munuan sa pangunguna ni Pan-gulong Edilberto Astoriano ay ang General Membership Meeting noong March 6, 2011 na kung saan ay napagpasyahan ng lahat ng mga miyembro ang mga panu-kalang Provision ng CBA.

(sundan sa pahina 8)

4	9	8	5	6	1	7	2	3
3	6	5	2	4	7	1	9	8
1	7	2	8	9	3	5	6	4
9	5	4	7	8	6	2	3	1
6	8	7	3	1	2	9	4	5
2	1	3	9	5	4	6	8	7
7	2	9	4	3	5	8	1	9
5	4	1	6	2	8	3	7	2
8	3	6	1	7	9	4	5	2

SABOT SA SUDOKU PUZZLE

Tips sa Panahon ng Kalamidad

1) Most everyone who simply 'ducks and covers' when building collapse are crushed to death. People who get under objects, like desks or cars, are crushed.
2) Cats, dogs and babies often naturally curl up in the fetal position. You should too in an earthquake. It is a natural safety/survival instinct. Get next to an object, next to a sofa, next to a bed, next to a large bulky object that will compress slightly but leave a void next to it.

3) Wooden buildings are the safest type of construction to be in during an earthquake. Brick buildings will break into individual bricks. Bricks will cause many injuries but less squashed bodies than concrete slabs.

4) If you are in bed during the night and an earthquake occurs, simply roll off the bed.

5) If an earthquake happens and you cannot easily escape by getting out the door or window, then lie down and curl up in the fetal position next to a sofa, or large chair.

6) Most everyone who gets under a doorway when buildings collapse is killed. If you stand under a doorway and the doorjamb falls forward or backward you will be crushed by the ceiling above. If the door jam falls sideways you will be cut in half by the doorway. In either case, you will be killed!

7) Never go to the stairs. The stairs have a different 'moment of frequency' (*they swing separately from the main part of the building*).

8) Get near the outer walls of buildings or outside of them if possible. - The farther inside you are from the outside perimeter of the building the greater the probability that your escape route will be blocked.

MY SAN - - - Mula sa Pahina 7

Dagdag pa dito ang bukas na pakikibahagi ng pamunuan ng kanilang kumpanya sa pamumuno nina Mrs. Me Wha Lim, Mr. Keng Sun Mar na tunay na mga makamanggagawa.

Kahangahanga ang hangarin ng mga namumuno sa kumpanya na ito sapagkat kanilang ibinabalik ang kanilang mga kapakinabangan ng bawat nasasakupan.

Ang unang tagpo ng CBA negotiation ay itinakda sa Abril 12, 2011 na dadaluhan ng Nasyunal na Pangulo Vic F. Balais bilang tagapagmasid sa magiging tagpo ng negosasyon sa pagitan ng MONDE MY SAN WORKERS UNION—PTGWO.

Philippine Transport and General Workers Organization

Affiliated of
TUCP Philippines | ITGLWF – Brussels, Belgium
| TWARO – Tokyo, Japan
| IUF – Geneva, Switzerland

VICTORINO F. BALAIS
National President

VICTOR ALLETH S.D. SEVILLA
1st National Executive Vice-President

PAQUITO A. AREVALO
2nd National Executive Vice-President

ATTY. ARNEL Z. DOLENDO
National Secretary

ROSALINDA A. MANABAT
National Treasurer

Workers News & Updates is a publication of the Research and Education Department of the PTGWO

Rosalinda A. Manabat
Editor In-Chief

Rodolfo J. Pascasio
Writer

Abraham P. Reyes
Writer

Head Office
Cecilleville Building, 3rd Floor, Room 304
1203-1211 Quezon Ave, Quezon City.
Tel Nos. 374-0199; 374-0201; 372-9761; 372-9762;
Fax: 374-0911
Email address: PTGWO@yahoo.com